# Pagbilang sa mga bata sa 2020 Senso

Binibilang ang bawat isa, nang isang beses lang, at sa tamang lugar.

Tumutulong ang 2020 Senso sa pagtukoy kung anong mga lugar ang karapat-dapat na mabigyan ng mga kritikal na tulong na inaasahan ng mga bata at pamilya sa susunod na sampung taon – na kung tutuusin, isa nang buong kabataan! Tinatantiyang 5 porsiyento ng mga bata na wala pang edad na limang taon ang hindi nabilang sa 2010 Senso. Sa humigit-kumulang na 1 milyong sanggol at mga bata, iyon ang pinakamalaking numero na hindi nabilang sa alinmang grupo ng edad.

Base sa aming pananaliksik, ito ang mga dahilan kung bakit hindi nabibilang nang tama ang mga bata, at kung ano ang puwede ninyong gawin para masiguradong sila ay mabilang.

### Kung hinahati ng bata ang oras sa pagitan ng dalawang tirahan, o nakatira siya sa ibang pamilya o ibang kamag-anak tulad ng lolo at lola.

- Bigyang-diin na binibilang ng senso ang bawat isa kung saan sila nakatira at natutulog nang madalas, kahit na pansamantala ang kaayusan ng paninirahan o ang mga magulang ng bata ay hindi nakatira doon.
- Kung talagang gumugugol ang bata ng parehong dami ng oras sa pagitan ng dalawang tirahan, bilangin sila kung saan sila nakatira sa Araw ng Senso, Abril 1. Makipag-ugnayan sa ibang magulang o tagapag-alaga, kung maaari, upang hindi mabilang ang bata sa parehong tirahan.
- Kung hindi malinaw kung saan nakatira o natutulog ang bata sa karamihang oras, bilangin sila kung saan sila nanatili sa Araw ng Senso, Abril 1.

### Kung nakatira ang bata sa tirahan kasama ang nag-iisa at batang magulang o tagapag-alaga.

- Ipaliwanag na ang pagsagot sa senso na ikaw mismo, sa sarili mong iskedyul, ay mas madali kaysa pagsagot kapag kumatok ang isang tagakuha ng senso sa inyong pinto. Paalalahanan ang mga sambahayan na ito na ang form ay aabutin lang ng humigit-kumulang sa 10 minuto para sagutan at maaaring gawin online, sa telepono, o sa koreo.
- Hikayatin ang mga magulang at tagapag-alaga na may maliliit na anak na hilingin sa iba pang miyembro ng sambahayan na ibilang sila at ang kanilang mga anak sa form kung nakatira ang iba sa sambahayan.

### Kung ang bata ay bagong silang.

- Bigyang-diin na dapat isama ang mga sanggol ng mga magulang at tagapag-alaga sa mga form ng senso, kahit sila ay nasa ospital pa sa Abril 1.
- Hikayatin ang mga pasilidad na nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga bagong silang na sanggol na paalalahanan ang mga magulang tungkol sa kahalagahan ng pagbilang sa kanilang mga anak sa form ng senso.
- Bigyang-diin ang katotohanan na aabutin lang ng humigit-kumulang sa 10 minuto para matapos ang form ng senso, at ang mga magulang at tagapag-alaga ay maaaring sagutin ito online, sa telepono, o sa koreo sa oras na pinakamaginhawa para sa kanila.
- Ipaliwanag sa mga magulang at tagabantay na kapag hindi nabilang ang mga bagong silang, ang susunod na pagkakataon para mabilang sila ay pagkatapos nilang mag-10 taong gulang. Sa panahong iyon, maaaring mas kaunting pagpopondo ang matatanggap ng kanilang komunidad para sa mga paaralan, mga parke, SNAP/WIC, mga ospital, transportasyon, at iba pang pangangailangan ng mga bata.

**Bigyang hugis ang inyong kinabukasan**
**MAGSIMULA DITO >**

United States® Census 2020

**2020CENSUS.GOV/tl**

D-FS-YC-TG-114

## Kung nakatira ang bata sa isang sambahayan na malaki, maraming henerasyon, o kasama ang ibang kamag-anak o maraming pamilya.

- Paalalahanan ang taong sumasagot sa form na bilangin ang lahat ng bata, kasama ang mga hindi kamag-anak, mga anak-anakan (foster child), at mga batang walang ibang matirahan, kahit na pansamantala silang naninirahan sa address sa Abril 1.
- Ipaalam sa iba na ang senso ay binibilang ang lahat ng taong nakatira o nananatili sa isang address, hindi lang ang tao o pamilya na may-ari o umuupa sa bahay.

## Kung nakatira ang bata sa isang sambahayan na umuupa o lumipat kamakailan.

- Hikayatin ang mga umuupa at mga lumipat kamakailan na tapusin ang kanilang mga form ng senso online o sa telepono, kaagad. Sa ganoong paraan hindi nila kailangang mag-alala tungkol sa pagkawala ng mga papel na form habang ipinapadala.
- Ituon ang mga pagsisikap sa mga gusaling maraming yunit na malamang na may mga umuupa.

## Kung nakatira ang bata sa isang sambahayan na kung saan wala dapat sila roon, para sa anumang dahilan.

- Mangyaring ipaliwanag sa mga taong may mga anak na nakatira sa mga lugar kung saan hindi sila pinapayagan (halimbawa, mga lolo/lola na may kasamang apo na nakatira sa isang tirahan na pangmatanda lang, isang pamilya na may mas maraming tao, kabilang ang mga bata, kaysa sa pinapayagan sa pagpapaupa) na dapat nilang isama ang mga bata sa kanilang mga form ng senso.
- Bigyang-diin na ang kanilang mga sagot sa 2020 Senso ay ligtas at pananatiling kompidensiyal. Ang kanilang personal na impormasyon ay protektado ng batas, at hindi maaring ibahagi sa ibang mga ahensya na nagpapatupad ng batas – kasama ang FBI, ICE, o ang kahit lokal na kapulisan. Hindi rin ito puwedeng gamitin upang tukuyin ang pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng gobyerno.
- Ipaliwanag na ang lahat ng nagtratrabaho sa Kawanihan ng Senso ay nanumpa ng panghabang-buhay na kanilang poprotektahan ang inyong personal na impormasyon. Anumang paglabag sa sumpang ito ay may kasamang parusa na aabot sa $250,000 at/o limang taon na pagkakakulong.

## Kung nakatira ang bata sa sambahayang may mababang kita.

- Ipaliwanag sa mga tagapagkaloob ng serbisyo at pamilya na nakakatulong ang pagsagot sa senso sa pagtukoy ng $675 bilyon bawat taon na lokal na pagpopondo para sa mga programa at serbisyo tulad ng food assistance, Head Start, pangangalaga sa bata, pabahay, mga pampublikong paaralan, mga serbisyong early intervention para sa mga batang may special needs, health insurance para sa mga bata, at marami pang iba. Kapag hindi naisama ang mga bata sa senso, mawawalan ng pagpopondo ang mga programang ito na nakabatay sa bilang ng mga batang binilang.

## Kung nakatira ang bata sa isang sambahayan na hindi nagsasalita o limitado ang kakayahang magsalita ng Ingles.

- Magsagawa ng outreach at lumikha ng mga mapagkukunan sa mga wikang hindi Ingles na binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagbilang sa mga bata.
- Hikayatin ang mga hindi nagsasalita ng Ingles na sumagot mismo sa senso at ipaalam sa kanila na para sa 2020 Senso, magagamit ang online form at linya ng telepono sa 13 wika, kabilang ang Ingles. Magagamit ang mga patnubay sa wika sa 59 na wika bukod sa Ingles.

## Kung nakatira ang bata sa isang sambahayan ng mga bagong imigrante o mga nakatatanda na pinanganak sa ibang bansa.

- Makipagtulungan sa mga miyembro ng komunidad upang magsagawa ng outreach sa mga kapitbahayan na may mga bagong dayuhan. Ituon ang mga pagsisikap sa mga lugar ng pagtitipon ng komunidad tulad ng mga lokal na tindahan ng grocery, lugar ng pagsamba, at maliliit na restaurant.
- Bigyang-diin na ang kanilang mga sagot sa 2020 Senso ay ligtas at pananatiling kompidensiyal. Ang kanilang personal na impormasyon ay protektado ng batas, at hindi maaring ibahagi sa ibang mga ahensya na nagpapatupad ng batas – kasama ang FBI, ICE, o ang lokal na mga pulis. Hindi rin ito puwedeng gamitin upang tukuyin ang pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng gobyerno.

Para sa karagdagang impormasyon:

**2020CENSUS.GOV/tl**

D-FS-YC-TG-114

**Bigyang hugis ang inyong kinabukasan**
**MAGSIMULA DITO >**

United States® Census 2020